BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

**Nagbibigay ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ng pinansyal na suporta sa legal na hamon laban sa Bill-21 ng Lalawigan ng Quebec**

BRAMPTON, ON (Disyembre 15, 2021) – Sa araw na ito, sa Espesyal na Pagpupulong nito, inaprubahan ng Konseho ng Brampton ang $100,000 na pinansyal na suporta sa Legal na Hamon ng National Council of Canadian Muslims (NCCM), ng World Sikh Organization of Canada (WSO) at ng Canadian Civil Liberties Association (CCLA) laban sa Bill 21 ng Lalawigan ng Quebec, ang unang munisipalidad sa Canada na umaambag sa hamon na ito.

Ang Lungsod ng Brampton ay isa sa pinaka-mabilis lumaki at pinaka-diverse na mga komunidad sa Canada, at ang Termino ng Konseho na ito ay committed sa pagpapasulong sa isa sa nangungunang prayoridad nito: Ang Brampton ay isang Mosaic. Sa pag-apruba sa pinansyal na tulong, ipinapakita ng Konseho ng Brampton ang suporta nito para sa halaga ng pagkakaiba-iba na inihahatid sa lokal na komunidad at sa lahat ng Canada.

Ang Resolusyon sa pagpupulong ng Konseho sa araw na ito ay nagpapahayag na:

*Isinaalang-alang ang katotohanan na pinapahalagahan ng mga Bramptonian ang Tsarter ng mga Karapatan at Kalayaan; at*

*Isinaalang-alang ang katotohanan na naniniwala ang Konseho ng Brampton na hindi natin mapapayagan ang depensa ng Tsarter at ang pampundasyong pagpapahalaga sa kalayaan sa relihiyon na nasa likod ng racialized na mga komunidad laban sa Lalawigan ng Quebec na may walang limitasyong legal resources; at*

*Isinaalang-alang ang katotohanan na kung ang Malalaking Lungsod ng Canada ay tutulong sa pagtustos sa legal na hamon, magagawa nating patas ang larangan dahil ito ay hindi patas na labanang panlegal sa kawalan ng pakikipag-ugnay ng pamahalaang pederal; at*

*Isinaalang-alang ang katotohanan na ang pasya ng Korte Suprema na nagpapahintulot sa paglabag sa panrelihiyong kalayaan ay magkakaroon ng negatibong kahahantungan para sa mga Bramptonian at sa lahat ng Canadian;*

*Kaya Iresolba na:*

*1. Na ang Lungsod ng Brampton ay sumusuporta sa kasalukuyang legal na hamon laban sa diskriminasyon ng Kalayaan sa relihiyon sa Bill 21 ng Quebec- Isang Batas na gumagalang sa kontrol ng Estado; at*

*2. Na ang Council ng Korporasyon ng Lungsod ng Brampton ay nagbibigay ng isang beses na 2021 kontribusyon na hanggang $100,000 sa pinagsamang mga legal na hamon ng Bill 21 ng National Council of Canadian Muslims (NCCM), ng World Sikh Organization of Canada (WSO) at ng Canadian Civil Liberties Association (CCLA), na tinukoy ng staff ang angkop na pinagmumulan ng pondo; at*

*3. Na ang isang kopya ng Resolusyon ay ipapadala sa:*
*a. Canadian Big City Mayors, sa Federation of Canadian Municipalities (FCM) at sa Association of Municipalities of Ontario (AMO) na humihiling na ibabahagi nila sa lahat ng miyembrong munisipalidad*

*na nag-imbita ng mga kontribusyon ng munisipalidad para suportahan ang legal na hamon*
*b. Rehiyon ng Peel, Lungsod ng Mississauga, Bayan ng Caledon at lahat ng Miyembro ng Parliyamento at mga Miyembro ng Panlalawigang Parliyamento ng Ontario, na humihingi ng kanilang suporta.*

**Maiikling Katotohanan**

• Noong 2019, nagmungkahi ang Pamahalaan ng Quebec ng lehislasyon (Bill 21) na nagbabawal sa mga pampublikong empleyado na magsuot ng nakikitang panrelihiyong mga simbolo sa lugar ng trabaho. Ang Bill 21 ay nagbabawal sa mga nasabing item tulad ng mga turban, kippah, hijab at nakikitang krusipiho.
• Sa panahong iyon, sumali ang Lungsod ng Brampton sa mga kasamahan nito sa Konseho ng Lungsod ng Montreal na magkaisang nag-apruba sa deklarasyon laban sa batas na naghihiwalay sa estado at relihiyon ng Pamahalaan ng Quebec, na ang nasabing deklarasyon ay nagpahayag na ang Quebec ay isa nang secular na lipunan, at wala nang pangangailangan na isabatas kung ano ang isusuot ng mga empleyado. Ang 2019 Mga Mosyon sa Bill 21 ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ay makikita rito.
• Ayon sa 2016 census, ang Lungsod ng Brampton ay may pang-apat na pinakamalaking nakikitang minoridad sa populasyon sa Canada at pangatlo sa Ontario.
• May 234 na iba't ibang pinagmulang etniko na naiulat na nagsasalita ng 115 iba't ibang wika sa Brampton.
• Sa pagitan ng 2011 at 2016, kabuuang 39,915 imigrante ang dumating sa Brampton. Ang India ang nananatiling pinaka-karaniwang lugar ng kapanganakan.
• Noong 2016, 52.25 porsiyento ng populasyon ng Brampton ang ipinanganak sa labas ng Canada.

**Mga Quote**

"Diskriminatoryo ang Bill 21. Ikinagagalak ko na umabante ang Konseho ng Lungsod ng Brampton para kilalanin na ang pagkakaiba-iba ay lakas para sa ating komunidad na Mosaic, tulad ng sa Quebec at sa buong bansa. Bilang napiling mga lider, kailangang hindi natin ipagpapalit ang pampundasyong mga prinsipyo para sa mga layuning electoral na nagpapaguho sa bansa sa kabuuan. Ang Kalayaan sa relihiyon ay isang pampundasyong prinsipyo na kailangang ipaglaban natin, at nagpapasalamat ako sa Konseho ng Lungsod para sa paninindigan kung ano ang tama."
*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ang commitment ng Lungsod ng Brampton sa pagsuporta sa pakikipaglaban ng mga Quebecer laban sa Bill 21 ay nagtatakda ng halimbawa para sa ibang mga lungsod sa buong bansa para manindigan sa tamang bahagi sa kasaysayan. Bilang isa sa pinaka-diverse na mga lungsod sa Canada, maraming tao sa Brampton ang nagsusuot ng panrelihiyong mga damit. Sa pamamagitan ng suportang ito, pinatotohanan ng Lungsod ang Karapatan ng bawat tao sa Brampton at Canada, na ang kanilang Karapatan na magsuot ng mga panrelihiyong pananamit at maging sino man sila ay isang Karapatan na kailangang ipagtanggol. Sa araw na ito, tinitiyak sa mga residente ng Brampton ng kanilang lokal na pamahalaan na ang kanilang Kalayaan ay protektado sa loob ng mahabang panahon. Nagpapasalamat kami sa Konseho ng Lungsod sa paninindigan kasama ang mga racialized na komunidad at paggawa ng makahulugang aksyon para suportahan ang mga naninindigan para sa ating mga kalayaang pantao."
*- Mustafa Farooq, Chief Executive Officer, National Council of Canadian Muslims (NCCM)*

"Tinatanggap namin ang paninindigan ng Lungsod ng Brampton para sa panrelihiyong Kalayaan at pagsuporta sa mga hamon laban sa Bill 21. Habang ang mga pangkat ng komunidad tulad ng WSO, NCCM at CCLA ay hinahamon ang nagdidiskriminang batas na ito sa korte, ito ay isang bagay na nakakaapekto sa Kalayaan ng lahat ng Canadian at kailangang magkakaisa tayong tumayo laban sa

diskriminasyon sa relihiyon. Kailangang makita natin ang ating mga lider na tumayo para sa ating pinagkaisang mga karapatang pantao at nagpapasalamat kami sa Konseho ng Lungsod ng Brampton para sa pangunguna."
*- Sharanjeet Kaur, Sr. Bise Presidente, World Sikh Organization*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

.

**KONTAK NG MEDIA**
Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca